Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-DALAWAMPUNG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-28 NG MAYO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO	- Kagawad
4.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
5.	Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.	- Kagawad
6.	Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
7.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
8.	Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr.	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad (O.B.-LLDA Meeting)
2.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
3.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 89-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan
ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA HOUSING AND LAND USE REGULATORY BOARD NA IPAGKAIT ANG PAGKAKALOOB O KUNG MAYROON MAN AY BAWIIN ANG LICENSE TO SELL NG SAN LORENZO SOUTH SUBDIVISION, PHASE I-ANNEX, LOTE BLG. 1938, PINAUUNLAD NG SAN LORENZO DEVELOPMENT CORPORATION.

SAPAGKA'T, napag-alaman ng kapulungan na ang Lote Blg. 1938, pag-aari at nasa ngalan ng Cobasuisse ay pinauunlad ng San Lorenzo Development Corporation bilang bahagi ng San Lorenzo South-Subdivision Phase I-Annex;

SAPAGKA'T, alinsunod sa talaan ng Sangguniang Bayan ay walang anumang kahilingan upang ang San Lorenzo Development Corporation ay mapagkalooban ng Development Permit para sa nabanggit na Lote;

SAPAGKA'T, ang pagkakaloob ng "Development Permit" ay tungkulin ng Pamahalaang Bayan alinsunod sa itinatadhana ng batas kung saan itinatadhana din ang paglilipat nito mula sa Housing and Land Use Regulatory Board (devolved function to the Local Government Units);

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

06-10-97

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling sa Housing and Land Use Regulatory Board na ipagkait ang pagkakaloob o kung mayroon man ay bawiin ang License to Sell ng San Lorenzo South Subdivision, Phase I-Annex, Lote Blg. 1938, pinauunlad ng San Lorenzo Development Corporation.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-20 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-28 ng Mayo, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim